Republic of the Philippines
Presidential Communications Office
NEWS AND INFORMATION BUREAU
PCOO-NIB Building, Malacañang Compound, Malacañang, Manila
Telephone Number: 734-3829

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE SECRETARY MARTIN ANDANAR
BY DEXTER GANIBE AND NOEL ALAMAR / ITO ANG RADYO PATROL / DZMM
NOVEMBER 4, 2017 (12:30 – 12:59 P.M.)

Q: Magandang hapon, Secretary.

Q: Maayong hapon.

SEC. ANDANAR: Maayong hapon, Master Noel. Good afternoon.

Q: Kasama ko po si Dexter ngayong araw na ito ano po. Eh buti ho at nahagilap namin kayo ngayon. Eh ano ba ang inyong pinagkakaabalahan ngayon lately, Secretary Andanar?

SEC. ANDANAR: Ah kahapon nagkaroon po ng isang comprehensive briefing ang ating mahal na Pangulo dito sa Davao City. It was a documentary ASEAN 31st Summit ngayong November 13, 14, 15. At nagkaroon din ng briefing sa mangyayaring APEC Summit sa Vietnam next week.

Q: Sec., balita namin may mga kaunting pagbabago sa schedule ng ASEAN iyong sa Gala Dinner?

SEC. ANDANAR: Oo iyong sa Gala kasi 'di ba usually ang Gala nangyayari sa latter part ng summit 'di ba? So ang na-realize ng NOC that mas maganda kung bago magsimula, sapagka't bago magsimula fresh pa iyong mga leaders tapos hindi pa pagod kasi napakadaming meetings so talagang ang mangyayari sa ASEAN eh. There are days na more than 40 meetings, 15—mayroon mga days na talagang halos wala ng oras iyong mga heads of government kasi halos every hour eh *(inaudible)* 16 minutes, 20 minutes, lalo na si Presidente Duterte na Chairman ng ASEAN this year.

Q: Oo sir. Saan ba isasagawa itong gala dinner? Doon na sa pag-welcome sa kanila sa Clark o dito sa—

Q: Sa Palasyo—

Q: Sa Palasyo o saan ba dito sa Manila?

SEC. ANDANAR: Ganito kasi iyon, Dex 'no para mas maliwanag. Now on the 10th of November mayroong mga meetings ng mga senior ministers dito sa Clark, ito iyong 10, 11 as preparation. It is a preparatory meeting for the big event which starts on the 13th. So on the 10th, 11th nasa Clark, mayroon ding iba dito sa Manila. Tapos pagdating ng November 12 which is Sunday already, mayroon ding—magkakaroon din ng mga meetings, but most of them will be here in Manila already sa may Marriott tapos sa gabi iyong pinakamalaking event on Sunday which is the 12th of November and this is the arrival ceremonies for the Heads of State and Heads of government including their spouses, ang mga asawa nila para sa special gala celebration of the 50th Anniversary. And this will be done dito sa SMX Convention Center. And, so unlike the past ASEAN which allow—sa dulo na iyong gala eh. So ang napansin kasi ng NOC at napansin din namin don eh nale-late iyong dumarating, iyong mga delegasyon, because you're not just talking about the Heads of state, you're talking about the delegation na invited doon sa gala 'di ba? 'Di ba pagod na iyong iba, nasa hotel, late nakakarating, 'pag-late dumarating siyempre nauurong iyong schedule 'di ba? So that's why the gala happen before the final—

Q: The meeting—

SEC. ANDANAR: Event or the first day of the final event. So the first day of the final event would be on the 13th of November which is Monday. So doon magsisimulang mag-meeting ang mga Heads of states and heads of government.

Q: Oo. oo, iyon hong mga serye ng mga meeting dito, Secretary, saan ho isasagawa iyan? Iba't ibang lugar din na NCR, Region 3, Region 4. Saan-saan po gagawin iyan?

SEC. ANDANAR: Well hindi—tama-tama ka, actually, Noel, for the first year, simula noong nagsimula itong ASEAN dito, we have already had more than 250 meetings. Okay. More than 250 meetings around the country, may nangyari sa Tagaytay, mayroon din sa Davao, mayroon din sa Davao, mayroon din sa Boracay, Iloilo—

Q: Sa Tagaytay, alam ko mayroon sa Tagaytay eh.

SEC. ANDANAR: Tagaytay mayroon din, Metro, Manila. So ito sa buong Pilipinas. Now mayroon pa tayong 31 meetings to go. So the total would be about 282 meetings in total for the entire ASEAN. Now, ngayon, approximately 251 meetings na ang natapos ng

pang 31 meetings to go at there has been more than 55 documents or outcome documents signed. Ito iyong mga dokumentong napag-usapan noong mga iba't ibang leader ng ASEAN, ahh senior ministers, kasama na iyong heads of government. Ito iyong mga dokumentong mahalaga talaga na naging resulta ng mga meetings, so 57 already. And we are expecting at least one outcome document na mapirmahan ngayong 31st ASEAN summit. So it's really been a very busy year for the National Organizing Committee sa pangunguna ni Ambassador Paynor and for us PCOO, it's also been busy, been busy for us kasi kami iyong nagma-manage ng communication ng lahat ng meetings ha, hindi lang iyong mga major summits. But all of these 282 meetings iyong media kami lahat iyong nag-a-usher it, kami ang nagma-manage nito. It has been very busy kaya in the next few days. [laughs]. Matatapos na rin itong ASEAN Summit and we are looking forward sapagka't bukod sa sampung ASEAN countries eh dadating din po iyong dialogue partners ng ASEAN, the United States—

Q: US—

SEC. ANDANAR: Russia, China. Nandiyan ang Australian, New Zealand, India, nandiyan din iyong European Union—

Q: Oo.

SEC. ANDANAR: So talagang our government and all of the government involved sa ASEAN are looking forward to this 31st, sapagka't maraming mga issues na maaaring mapag-usapan at maaring ma-resolve dito sa ASEAN 31st.

Q: Para bang ang mata ng mundo sa mga susunod na Linggo sa atin naka-focus sapagka't nandito nga iyong mga heads of state, hindi lamang ng ASEAN kung hindi iyong iba pang mga bansa na hindi naman direktang kasama ng ASEAN pero andoon ninyong masasabi. Hindi ho ba? Katulad ng Amerika—

Q: Mga dialogue partners—

Q: Mga dialogue partners.

SEC. ANDANAR: Oo at saka iyong, Noel, Dexter iyong breaking news kahapon 'di ba binreak (break) ninyo sa ABS-CBN na a-attend na si President Donald Trump ng South East Asia.

Q: Oo may statement ba ang Palasyo ngayon diyan, Sec.

SEC. ANDANAR: Oo iyong kanina ni-release ko iyong statement kanina about sa naging confirmation so the Palace welcomes the announcement of the White House that

President Donald Trump would extend his stay in the Philippines to attend the East Asia Summit. The President looks forward to engaging President Trump in a productive dialogue at the ASEAN-US commemorative summit and EAS or the East Asia Summit. The Philippines as host country and Chair of the 31st ASEAN Summit and related meetings is set to welcome all foreign leaders and delegates to ensure that they will experience Filipino hospitality at its finest. Iyon po iyong naging statement ng Palasyo.

Q: Oh sir iyan, so magiging talagang abalang-abala si Sec., kasi pagka—next week 'di ba po kasama rin kayo sa APEC, Sec. sa Vietnam?

SEC. ANDANAR: Opo.

Q: Ah 'pagkatapos ng ASEAN iyon eh.

SEC. ANDANAR: Doon sa APEC.

Q: Hindi bago—APEC muna—

Q: APEC muna bago ASEAN—

Q: Then uuwi sila mag-a-ASEAN [laughs] talagang punong puno ang schedule.

SEC. ANDANAR: Hindi, punong-puno kasi sa APEC naman aalis ng a-otso then magsisumula iyong APEC meeting sa a-nuwebe at napakadaming mga bilateral meetings na inaasahan doon sa APEC na iyon, mga bilateral meetings with Vietnam. Mayroon ding inaasahang bilateral meetings Papua New Guinea, tapos mayroon ding—posible din na mangyari, posible ha, posibleng mangyari ang meeting with Russia, tapos mayroon ding pull-aside Hong Kong, tapos mayroon din iyong sa Chile. Ano pa ba? And so the APEC—

Q: So madami-dami. Ito iyong mangyayari, itong bilateral meeting na ito ni Pangulo sa APEC, Sec., iyong binabanggit ninyo, iyong sa Russia—

SEC. ANDANAR: Vietnam.

Q: Oo sa Vietnam.

SEC. ANDANAR: Pakiulit po. Sorry mayroon din akong—

Q: Iyong mga binabanggit ninyong bilateral meeting ni Pangulong Duterte possible with Russia. Mayroon sa Vietnam, Chile, Hong Kong, Papua New Guinea mangyayari iyan sa APEC sa Vietnam—?

SEC. ANDANAR: Medyo iyong signal natin nagpuputol-putol.

Q: Oo nga, kailangan na yata ng pangatlong service provider para mas maganda iyong signal natin [laughs] sa ating telecommunication, Sec.

SEC. ANDANAR: Oo hindi maganda iyong—oo hindi maganda iyong ating linya, napuputol—

Q: Oo nga.

Q: Oo, o sige. Hindi bale iho-hold po namin ano, iho-hold namin, babalikan namin kayo.

Q: Oo tatawagan namin kayo ulit.

(LINE CUT)

Q: (Recording starts)… may mga confirm na po ba na makaka-bilateral meeting ng Pangulo dito sa ASEAN, bukod doon sa binabanggit nga natin, si US President Trump?

SEC. ANDANAR: Ang mga meetings sa ASEAN, let me just pull out the list, kasi marami kasing meetings ang ating Pangulo sa the Chairman—

Q: Oo, iyong sa mga sidelines lang siguro Sec., iyong mga nag-request na gustong makausap si Pangulo, gustong maka-meeting, iyong mga ganoon.

SEC. ANDANAR: Well, let me see… So mayroong mga request from different coun—kasi maraming listahan ito eh, teka ha. Basta ang pagkakaalam ko sa ngayon, ay mayroong possible bilateral meetings that could happen between the President and the United States, I'm saying possible because anything can happen. So most of the ones in the list, ito iyong mga multilateral eh na mga meeting, like for example ASEAN-Japan, ASEAN-Korea, ASEAN-China, tapos iyong East Asia, Mekong-Japan, ASEAN-UN… So—kasi of course alam natin na iyong ASEAN naman is really about an organization, Association of the South

East Asian Nations, meeting with its dialogue partners. So iyon ang possible, but if you ask me about bilateral, majority dito puro multilateral…

Q: Multilateral, oo…

SEC. ANDANAR: Oo. Kung mayroon mang mga bilateral, siguro between those countries we're talking already. O halimbawa, kung may isang bansa na gustong makipag-meet sa US o Russia, siguro sila na iyong makikipag-usap kung magmi-meeting sila… which is called pull-aside 'no, ito iyong mga pull-aside na tinatawag.

Q: Oo. Kasama ba diyan Sec. iyong meeting ng Pangulo sa mga delegasyon o pinuno ng European Union, kung may darating man?

SEC. ANDANAR: The ASEAN meeting, the European Union let me see... wala pa akong makita sa ngayon. Pero there will be an event wherein kasama iyong leader ng European Union… definitely, oo mayroon.

Q: Oo. Sec., kung hindi magbabago… binabanggit nga 'di ba na a-attend, partner 'di ba, si Trump sa East Asia Summit which ism iyong original na schedule eh November 14. Magbabago ba ito or mag-stay iyong schedule ng East Asia Summit?

SEC. ANDANAR: Hindi, iyong—kasi a-dose, Sunday iyon, tapos sa a-trese… tama ka 14 iyong East Asia Summit. Sa ngayon, iyon ang schedule… the East Asia Summit will happen on Tuesday. So, East Asia Summit naman, nandoon naman iyong iba't ibang leader 'di ba. So now, of course everyone is excited to also see President Donald Trump there, sa meeting na 'yan. I think this is his first ASEAN meeting, kasi last year si President Obama um-attend—

Q: Oo, doon sa Laos.

SEC. ANDANAR: Oo sa Lao… So there's the East Asian Summit, the East Asian Summit na maaring makasama si President Donald Trump, at nandoon iyong ASEAN-US which will happen... suppose to happen on a Monday.

Q: Oo, and I'm sure ang security niyan… kung mahigpit dahil 'andiyan iyong mga leaders ng ASEAN, mas mahigpit ngayon dahil 'andiyan si POTUS, oo…

SEC. ANDANAR: Oo, tapos of course iyong inaasahan naman natin, mga Pilipino ay iyong meeting ni Presidente at ni President Donald Trump. (Choppy line)… for us in the Philippines, talagang mahigpit ang security. In fact tomorrow, mayroong show of force ang—sila ni General Nap Taas 'di ba dito sa Maynila, sa Quirino Grandstand if I'm not mistaken.

Q: Sa Quirino Grandstand po, mayroong—iyong mga security forces eh parang magko-convene doon, oo.

SEC. ANDANAR: Oo, magko-convene doon. So, it's a full-pack event mula doon sa Clark hanggang dito sa Maynila… and I could just imagine the excitement of the media until the night na ito…

Q: Oo, ngayon pa nga lang pinag-uusapan na papaano iyong coverage, lalo na sa Malacañang Press Corps 'di ba, dahil tiyak mahigpit iyong schedule, talagang sunud-sunod 'to, hindi mo alam kung saan doon iko-cover mo eh, sa dami ng meetings.

SEC. ANDANAR: Oo, kasi anu-ano ba iyong mga topics na mayroon – East Asia Summit… iyong ASEAN Summit Plenary, nandiyan din iyong ASEAN Business Advisory Council, nandiyan din iyong Summit to Commemorate the 40th Anniversary of ASEAN-US Dialogue… 20th ASEAN-China Summit… ASEAN-Republic of Korea Summit, ASEAN-Japan Summit, tapos iyong APP Leaders Interface with East Asia Business Council. Napakadami, bibigay ko 'tong listahan sa'yo Dex 'pag nagkita tayo.

Q: Sige Sec., puwede mo ring i-Viber na. Pero Sec., hindi ba nalula si Pangulong Duterte sa meeting ninyo kagabi, noong makita niya iyong dami ng schedule niya? Kasi lahat ng ito, siya iyong ano 'di ba, presiding officer, siya iyong Chairman kasi 'di ba? Lahat ng summit na 'yan, siya iyong magpe-preside.

SEC. ANDANAR: Oo, mayroong isang—I think on Monday, mayroon siyang mga 14 meetings, sunud-sunod 'yan. Talagang hanggang hapon, ang pahinga lang 15 minutes lang in between, tapos… halos picture taking, tapos 15 minutes… tapos meeting na naman. Wala, talagang bugbog-sarado sa meeting ito.

Q: Anong sabi niya kagabi, Sec.? Ah, handa…

SEC. ANDANAR: Ah natatawa-tawa lang, tapos hinihingi ni Presidente iyong lahat noong mga dapat niyang basahin, kasi sabi niya kailangan niyang pag-aralan para pagpasok niya, eh alam na alam niya iyong mangyayari. Kasi isang araw, 14 meetings; pangalawang araw may sampu… sobrang dami eh, so talagang—

Q: Kumusta naman po ang kalusugan ni Pangulo? Kayang-kaya naman niya?

SEC. ANDANAR: Oo, eh kayang-kaya naman. So, yakang-yaka oo…

Q: Mantakin mo, pagkatapos ng meeting nila kagabi—anong oras na kayo natapos Sec.? Mga maghahating-gabi…

SEC. ANDANAR: Oo, hating-gabi tapos dumiretso pa si Presidente doon sa puntod noong kaniyang mga magulang at… and then he had his time there to pray. So talagang late na, late na natapos.

Q: Oo, bakit ngayon lang siya nag-ano sir, busy daw sa nakalipas o nagpahinga lang after noong biyahe niya sa Japan? Kasi madalas 'di ba a-dos siya pumupunta or…

SEC. ANDANAR: Hindi ko sigurado kung ano iyong rason eh…

Q: Oo, pero nakita ko doon sa Presidential photos, kasama niya iyong si Baste bumisita doon sa puntod, oo, kaninang…

SEC. ANDANAR: Hindi ba, birthday ni… birthday ba ni Baste kahapon or two days ago 'di ba, parang birthday niya 'ata. So iyon… and of course we have to consider the APEC na mangyayari a few days before the ASEAN. So, the President is really busy this coming week.

Q: Pero alam ninyo—masabi ko lamang Secretary Andanar ano. Noong Sabado after nitong show, eh ako'y bumaybay ng EDSA. Nataon ko iyong lockdown, iyong traffic lockdown—

Q: Dahil doon sa rehearsal… sa dry run oo.

Q: Alam ninyo, marami akong nababasa lalo sa social media na ang traffic-traffic daw… Pero naging maayos naman eh, naging maayos iyong takbo… siguro iyong mga pinaghintay ko, siguro mga 5/10 minutes, after noon, diretso na uli. Sabi ko, siguro ito'y nakuha dahil sa tuluy-tuloy iyong practice ano, oo. May mga kausap kasi akong mga taga-Highway Patrol, ang sabi lang nila, ang payo nila sa motorista, eh padaanin nang maayos iyong convoy, oo tapos—

Q: Pagkalagpas…

Q: Oo, pero kung maaring huwag bubuntot for security reason ano, huwag bubuntot kaagad, oo.

SEC. ANDANAR: Well alam mo naman Noel at Dexter, itong ASEAN Summit ay minsan lang naman mangyari sa bansa natin, and as a matter of fact ay in-announce nga na walang pasok 'di ba? So tayo din, Pilipino, it is also our duty to cooperate with government sapagka't ano 'to eh, this is our opportunity to show to the rest of the world that we are orderly, we follow… and at the same time, we give importance to the Summit para maganda iyong sasabihin ng mga foreigners pag-uwi nila sa kanilang mga bansa na tayong mga Pilipino ay magaling mag-host. We are very warm and we know how to host a big event like this orderly… at kung ganoon kasi, eh 'di maganda iyong magiging feedback para sa Pilipinas. So—and I think for the last two summits, the one—during the first quarter and the 50th Summit ay naging impressed naman iyong—na-impress naman natin ang ating mga ASEAN partners at ASEAN dialogue partners.

Q: At saka, I'm very sure makaka-focus iyong mga leaders, mga local leaders natin diyan sa security sa summit at iyong preparation dahil nga, timing naman natapos iyong sa Marawi.

SEC. ANDANAR: Iyon… oo—

Q: Oo, iyon ang maganda doon, oo.

SEC. ANDANAR: Oo. In fact noong nag-meeting nga si Presidente Duterte at si Prime Minister Abe sa Japan, paulit-ulit na sinasabi ni Prime Minister Abe na this is one of the greatest achievements of the President, iyong on the record time ha – 148 days ay natalo ng ating Armed Forces of the Philippines ang ISIS in an urban warzone. Eh kung iyong Aleppo nga 'di ba ilang taon… 3 years. Oo, 3 years – ngayon nga bakbakan pa rin 'di ba?

Q: Oo.

SEC. ANDANAR: So talagang hangang-hanga si Prime Minister Abe kay Pangulong Duterte.

Q: And siyempre, iyong mga sundalo natin na ngayon ay nag-uuwian na 'di ba…

Q: Oo, iyong iba naka-Hong Kong na nga iyong iba.

Q: Oo, iyong Special Action Force ng PNP nakauwi na, iyong mga sundalo ng 1st Infantry Battalion nakauwi na, iyong Philippine Coast Guard nakauwi na – mga heroes 'yan eh, iyong contingent ng PRO-4, iyong CALABARZON nakauwi na rin… and puro hero's welcome. Nakakatuwa… iyong reception ng publiko doon sa mga sundalo na nagsilbi diyan sa Marawi, Secretary.

SEC. ANDANAR: Oo, napaka-proud natin sa ating mga sundalo and it has really renewed our sense of patriotism 'no for the country, at iyong pagtingin natin sa ating mga sundalo. Alam natin na noong una marami pang nagkukuwestiyon sa martial law 'di ba na dineklara sa Mindanao. Pero kita naman natin that the martial law that was declared in Mindanao and the martial law—

Q: Oo, noong kinatatakutan…

SEC. ANDANAR: —na I was referring to ay talagang magkaiba. Iba iyong noon, iba ngayon – martial law is really here to protect the people. It's not here to abuse the Constitution, to abuse power, para tumagal sa puwesto – hindi eh. It's really to protect the people from negative element, tulad ng ISIS, tulad ng mga terorista. So we commend the Armed Forces of the Philippines.

Q: Okay. Secretary with that, maraming salamat po sa inyong oras, and good luck po sa pagdaraos ng APEC at sa ASEAN, magkasunod…

SEC. ANDANAR: Maraming salamat Noel at Dexter. Mabuhay kayong dalawa, mabuhay po ang DZMM.

Q: Maraming salamat. Maayong hapon diha sa Davao.

Q: Secretary Martin Andanar, Presidential Communications Operations Office o PCOO…

###